

“Dimples! Ang lupit mo naman sa sarili mo. Ikaw na nga itong nakiusap na patigilin na ni Lord iyang mga nasa isip mo ’tapos ikaw naman ang kusang nag-iisip. Maawa ka naman sa sarili mo at sa firm na pinamamahalaan ninyo ni Bryan. Magtatatlong oras ka nang nakatunganga sa harap ng desk mo ’tapos wala ka ni isang nagawa. Work, Dim! Work!” pagalit niya sa sarili.

Isang malutong na halakhak ang nagpatigil sa kanya sa pagtampal niya sa sariling noo.

“Ganyan ka pala kapag nag-iisa. Magkasama tayo buong buhay natin at ngayon ko lang iyan nakita. Grabe ka pala mag-moment, Dim,” natatawang sabi ni Bryan.

It was good. It was so good to see him smile after those thirteen years. She smiled and rushed to him and hugged him tight.

“I love you, Bryan! Nakakatuwa ka talagang kasama. I’m happy that you are my best friend. Kahit sino pa ’yan ay hindi talaga kita ipagpapalit,” pahayag niya.

Binitawan ng binata ang mga dalang paper bag at gumanti ng yakap sa kanya. Natuwa siya kaya nagpakandong siya rito. Both her legs were wrapped around his waist. Sinakop ng kanyang dalawang kamay ang mukha nito.

“Thank you, Bryan. Kahit palagi mo na lang akong aasarin buong buhay ko, okay lang. Basta huwag kang maging malungkot at mawawala sa buhay ko.”

Lumarawan sa mukha ni Bryan ang isang pilyong ngiti.

“Talaga, ha?” tanong nito bago siya kinurot sa tagiliran.

Napaigtad siya dahil sa pagkabigla. Talagang alam nito kung nasaan ang kanyang kiliti.

“Tama na, Bryan!”

“Huwag kang malikot! Matutumba ta—” Pero bago pa man nito matapos ang sasabihin ay natumba na sila sa kama.

Napasinghap ang dalaga. Sa pagbagsak nila ay hindi niya naiwasan ang pagsadsad ng kanyang katawan sa katawan nito. Ang kanyang bibig ay napunta sa mga labi nito. It was just a smack. Naalala ni Dimples iyong halikan sa pagitan nila bago sila pumunta sa party. Biglang nag-init ang kanyang katawan.

Naramdaman niya ang pagtayo ng kanyang balahibo sa batok nang hawakan ni Bryan ang mga hita niyang nakadagan sa tagiliran nito. She looked at him. Hindi niya masabi pero may nakita siyang pagnanasa sa mga mata nito. The same fierce emotion she saw when they kissed the last time.

She could feel his hot hands on her thighs. Pagkatapos ay napunta ang mga kamay nito sa ilalim ng laylayan ng kanyang roba.

*Damn!* she silently cursed.

Hindi pa nga pala siya nakapagbihis. She was only wearing

lacy undergarments under her bathrobe when she decided to work on her designs. She looked down on him again. He was looking at her slightly covered breast. Alam niyang kitang-kita na nito ang kanyang cleavage dahil bumuka na ang itaas ng kanyang roba. He looked at her and cupped her small face. He smiled.

“You’re beautiful...” he said before he kissed her hard.

Napaungol si Dimples. Mas mainit at mas mapusok ito ngayon. She threw caution to the wind and kissed him back with the same intensity as his. Namalayan niyang kinuha ng binata ang tali ng kanyang buhok at inilugay iyon. Then he untied her bathrobe. Tinulungan niya itong hubarin ang kanyang roba. Ilang saglit pa’y nanginginig ang kanyang mga kamay habang hinuhubad ang t-shirt nito. After that, he lifted himself and lay her sweetly on the bed.

He kissed her on her forehead, the tip of the nose then lastly, on her lips. She could feel his hands cupping her firm breasts. Hindi maipaliwanag ni Dimples ang sensasyong nararamdaman sa mga sandaling iyon. It was an indescribable but overwhelming sensation that she had never felt in her life.

Bryan kissed her neck. Nakaramdam siya ng ginaw at hindi siya makapaniwala kung paano na-unhook ng binata ang kanyang bra. Napaigtad siya nang sakupin ng bibig nito ang kanyang kanang dibdib habang ang isa naman ay nilalaro ng kamay.

Umungol siya nang malakas bago naramdaman ang

mahinang pagyugyog ng kanyang katawan.

“Wake up, Dimples!” sigaw ni Bryan.

Napabalikwas siya nang bangon.

*Was that a dream?*

“Nanaginip ka ba nang masama?” tanong nito sa kanya.

Biglang nag-init ang kanyang mga pisngi.

“Or maybe dreaming about someone?” muling tanong nito.

Hindi niya napigilan ang sarili na hampasin ito ng unan.

“You stupid guy! Get out of my room!” bulyaw niya.

Kumaripas ito ng takbo palabas ng kanyang kuwarto habang tumatawa nang ubod-lakas.

*You are the one who's stupid, Dimples!*